Name : ________________________________________________

Topic: Araling Panlipunan – Karapatan at Tungkulin ng mga Mamamayang Pilipino

SCHOOLKID.PH

http://www.schoolkid.ph

Contributor : RFAquino

**PANUTO**: Isulat ang T kung tama ang isinisaad ng pangungusap at M kung ito ay mali.

_________ 1. Ang Saligang Batas ay mahalagang sangkap ng isang demokratikong bansa tulad ng Pilipinas.

_________ 2. Walang sinumang tao o pamahalaan ang makakatanggal ng ating likas na karapatan.

_________ 3. Walang kinalaman ang pamahalaan sa pagtamasa ng mga tao ng mga karapatang itnalaga ng Saligang Batas.

_________ 4. Ang mga Karapatang Konstitusyonal ay nakalista sa Artikulo III ng 1987 Konstitusyon.

_________ 5. Ayon sa konstitusyon, walang limitasyon ang karapatan ng tao.

_________ 6. Bahagi ng karapatang pulitikal ang karapatan ng taong kwalipikado na maihalal bilang isang namamahala sa bayan.

_________ 7. Kinikilala ng karapatang sibil ang pagkapantay-pantay ng tao sa mata ng batas.

_________ 8. Bahagi ng karapatang pangkabuhayan ang karapatan ng taong tumira sa ligtas na kapaligiran.

_________ 9. Ang mga nakakapag-aral lamang ang dapat na bigyan ng karapatang mabuhay.

________ 10. Lahat ng tao ay may likas na karapatan.

**PANUTO**: Isulat ang tamang sagot.

1. Anu-ano ang mga Karapatang Pantao?

2. Anu-ano ang mga pangkat na sumasaloob sa Karapatang Konstitusyonal?

3. Maari bang magpataw ng limitasyon o magbigay ng restiriksyon ang pamahalaan sa ilang karapatang pantao? Ipaliwanag.

Copyright 2012 www.schoolkid.ph All Rights Reserved. For Personal Use Only.

Name : ______________________________________________

Topic: Araling Panlipunan – Karapatan at Tungkulin ng mga Mamamayang Pilipino

SCHOOLKID.PH
http://www.schoolkid.ph

Contributor : RFAquino

**PANUTO**: Tukuyin at isulat sa patlang ang **K** kung ang isinasaad sa sitwasyon ay KARAPATAN ng isang mamamayang Pilipino. Isulat ang **T** kung ito ay TUNGKULIN.

_____ 1. Simula sa Hunyo, mag-aaral na si Belinda sa Mababang Paaralan ng San Roque.

_____ 2. Dahil sa madalas na krimen na nangyayari sa kanilang paligid, sinisiguro ni Mang Albert na nakandado ang lahat ng pintuan sa kanilang bahay.

_____ 3. Tuwing unang Sabado ng buwan, nagpupulong ang mga residente ng Bridgevill Subdivision upang pag-usapan ang mga pangangailangan ng kanilang komunidad.

_____ 4. Si Lola Berting ay nakakahua ng diskwento sa pagbili ng gamot sa botika.

_____ 5. Tuwing Martes at Huwebes ang pagkuha ng QC Waste Management basura sa aming baranggay.

_____ 6. Nakikipagpulong ang pamahalaan ng Pilipinas sa pamahalaan ng Tsina upang maayos ang hindi pagkakaunawaan tungkol sa pag-ari ng Scarborough Shoal.

_____ 7. Ipinagbabawal ng lokal na pamahalaan ang pagsiga ng mga basura.

_____ 8. Si Atty. Lustro ang tutulong kay Joaqin sa pagdinig sa kasong krimen na ikinasangkutan niya.

_____ 9. Nagtayo si Aling Susan ng isang karinderya sa palengke.

_____ 10. Ipinamalita ni Konsehal Romero na magkakaroon ng libreng pagbakuna sa mga bata na gaganapin sa Baranggay Health Center bukas.

**PANUTO**: Hanapin mula sa hanay B ang katapat na tungkulin ng bawat karapatan na nasa hanay A. Isulat ang titik sa patlang.

| | |
|---|---|
| _____ 1. Nakapag-aral sa Woodridge school si Andy. | A. paggalang sa mga may kapangyarihan |
| _____ 2. Hindi pumalag ang suspek sa krimen habang siya ay inaaresto ng pulis. | B. pakibahagi sa gawaing pambayan na magpapanatili ng kaayusan at kalinisan ng lipunan |
| _____ 3. Dumarami ang nagpupuntang pasyente ni Doktor Perez sa kanyang klinika. | C. pagsasabi ng katotohanan |
| _____ 4. Masayang nakilahok si Mark sa *Pasig River Fun Run* na may temang paglinis ng Pasig river. | D. pagpili ng karapat-dapat na kandidato |
| _____ 5. Gagamitin ang mga silid ng mga paaralan sa sa pagboto ng mga tao sa eleksyon. | E. maayos at mabuting pag-aaral |
| _____ 6. Si Bert ay isang manunulat sa dyaryo. Inuulat niya ang mga huling pangyayari sa komunidad. | F. pagbayad ng buwis o Income Tax |

Copyright 2012 www.schoolkid.ph All Rights Reserved. For Personal Use Only.

Name : ___________________________________________

SCHOOLKID.PH
http://www.schoolkid.ph

Copyright 2012 www.schoolkid.ph All Rights Reserved. For Personal Use Only.